
LEVEL 1

# Leveled Reader
## in Filipino
# Ang Pagsali ni Selina sa Paligsahan ng Tiyakad




Isinulat ni Tjut Zakiyah Anshari


Iginuhit ni Naafi Nur Rohma



Wala si nanay sa bahay. Ang kapatid ni Selina ay naglilinis ng bahay. Sinusubukan ni Selina na patulugin ang kaniyang kapatid na lalaki.




"Ay tingnan mo! May paligsahan sa tiyakad!" Hmm... Gusto ni Selina na sumali sa paligsahan sa piyesta.



Sa kabutihang-palad, nakatulog agad ang kaniyang kapatid. Makapag-eensayo na si Selina sa kaniyang tiyakad.







“Okey, tama na ang pagsasanay. Oras na para magpalista sa paligsahan.”



Naku po! Hindi makakasasali si Selina sa paligsahan nang mag-isa lang siya. Dapat ay may kapangkat siya.



Pangkat? Hmm... ang batang babae na iyon ay tulad lamang niya. Maaari niya itong yayain upang makabuo ng pangkat.



Iyon nga lamang, ang batang babae ay kasali na sa isang pangkat.



Si Selina ay pumunta sa plasa.
Wow! Siguradong may pangkat doon na para kay Selina.



Maaari kaya iyong
pangkat na may mga
kulay rosas na tali sa
braso? “Hindi, hindi
ka maaaring sumali sa
amin. Kami ay pangkat
ng mga lalaki lamang,”
sinabi nila.



Nais ni Selina na sumali sa pangkat na ito ngunit ang pangkat ay kompleto na.



Aling pangkat ang kailangan pa ng isang miyembro?





"Halika, bumuo tayo ng sarili nating pangkat!"



“Sige, sali ako!”
“Ako rin!”



Wow! Ngayon ay may pangkat na si Selina.



DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

USAID
FROM THE AMERICAN PEOPLE

RTI
INTERNATIONAL

The Asia Foundation